**Maui Wildfire Recovery**

# Pagtatrabaho ng EPA sa Drinking Water Lateral Line

**Marso 15, 2024**

*Patuloy ang EPA sa mga pagsisikap nito na kumuha ng mga sample ng iniinom na tubig, na ngayon ay nakatuon sa mga katabing service line.*

***Maui gives so much to the world. As guests, we are honored to give our support back.***

Sinusuportahan ng EPA ang Department of Water Supply (DWS) ng County of Maui na kumuha ng sample ng iniinom na tubig at ibukod ang kontaminasyon dulot ng wildfire mula sa natitirang bahagi ng system. Ang EPA ay kukuha ng mga sample sa mga katabing linya sa nasunugang lugar ng Lahaina.

### Ano ang lateral lines (katabing linya)?

Ang lateral lines ay perpendikular sa main service ine at nagdadala ng tubig mula sa main line papunta sa meter. Ang mga lateral ay pagmamay-ari ng DWS. Ang mga segment na dumadaloy mula sa meter papunta sa bahay o negosyo ay responsibilidad ng may-ari. Ang EPA ay hindi kukuha ng sample ng tubo sa looban ng ari-arian.




Figure 1. Ang larawan ay nagpapakita ng main water line na nakakonekta sa hydrant at residential lateral line.

### Pagkuha ng Sample sa Lateral Line

Ang EPA ay kukuha ng sample ng bawat naiinom na tubig na meter box sa loob ng naapektuhang area, na kukuha mula sa mga sampling station (apparatuses) na kinabit ng DWS ng kahit man lang 72 oras bago kumuha ng sample.



Figure 2. Ang meter box na may aparato at etiketa ng

Ang pag-obserba sa pagbaba (flushing) o pagkuha ng sample ng EPA ay hindi nangangahulugan na ang inyong tubig ay ligtas o di ligtas. Ipapadala ng EPA ang impormasyon tungkol sa kalidad ng tubig sa DWS para matulungan silang magpasya kung dapat alisin ang mga abiso. Bago gamitin ang inyong iniinom na tubig, tiyakin na magpunta sa Department of Water Supply's Unsafe Water Advisory page mauirecovers.org/water upang makita kung ang tubig sa inyong area ay ligtas na inumin.

Ang EPA ay kasalukuyang kumukuha ng sample mula sa mga sumusunod na contaminant:

- Volatile Organic Compounds (VOCs)
- Semi-Volatile Organic Compounds (SVOCs)

### Cut and Cap

Kung may anumang natuklasang kontaminasyon sa mga lateral line, ang mga line na ito ay "puputulan at tatakpan" ng isang contractor ng EPA. Una sa lahat, huhukayin ang area at lilinisin upang makita ang lateral line. Ang punto na nagkokonekta papunta sa main ay puputulin, tapos ay tatakpan, upang matiyak na hindi makakapasok ang kontaminasyon sa main distribution line. Ang trabaho ng EPA ay makakatulong sa County na mabalik ang ligtas na maiinom na tubig sa kabuuan ng Lahaina.

**Mga Tanong**

EPA: (808) 299-5184, R9Wildfiresinfo@epa.gov, www.epa.gov/maui-wildfires
County Department of Water Supply: (808) 270-7550, www.mauirecovers.org